

1

Cyane would know that figure anywhere. Nakatalikod ang lalaki, pero hindi siya nagdalawang-isip na sundan ito.

“Jared!” tawag niya rito. Hindi ito lumingon at nagsimulang maglakad palayo. Tumakbo siya, hinabol ito, pero parang lalo lamang lumalayo ang pigura ng dating nobyo. “Bumalik ka! Huwag mo ’kong iwan!”

Hindi niya napigilan ang pagtulo ng kanyang luha. This was just too cruel. Bakit ba hindi niya malapitan ito? Tumigil siya sa paghabol dito at napaupo sa lupa. “Jared...” Hindi na niya napigilan ang paghagulgol. She missed him so much.

“Cyane.” Narinig niya ang boses nito. Tumingin siya rito at nakadama ng kaba nang makitang lumalabo na ito sa kanyang paningin. She couldn’t even see his facial features anymore.

“N-no! Huwag kang mawawala...”

“It’s okay, Cyane. Let go.” Umiling ito at unti-unting naglaho. “Live on. For me. Please.”

Goodbye, Cyane. She felt rather than heard him.

“Cyane. Cyane nakikinig ka ba?” Mas malakas.
“Cyane!”

“Ha?” Natulala na naman ba siya? Was that really just a dream o nagpaalam talaga si Jared sa kanya? She had the same dream last week. She sighed.

Kailangan niyang subukang kalimutan ang ex-boyfriend. Para na rin sa ate niya at sa sarili.

Limang taon na mula nang mamatay ang mga magulang nilang magkapatid sa isang car accident habang pauwi ang mga ito mula sa anniversary trip sa Pangasinan. Si Jared ang tumulong para maibalik ang kanyang ngiti.

At ngayon wala na rin siya tulad nina Mama't Papa, she thought bitterly.

Ang ate niya ay mayroon nang anak sa kinakasama. Ilang taon ang tanda nito sa kanya at isa nang registered nurse. Kung wala ito sa trabaho ay abala sa pag-aalaga ng anak. May parte niya na alam na nasa sarili na nitong pamilya ang atensyon nito at hindi na katulad ng dati ang kanilang samahan.

“Cyane, mag-iisang taon na. I understand na masakit para sa 'yo ang pagkawala ni Jared, but this is ridiculous! Daig mo pa ang namatayan ng asawa.”

Nagkasundo sila ni Jared sa isang long engagement dahil hindi pa tapos ng kolehiyo si Cyane. Alam niyang hindi papayag ang ate niya na magpakasal siya dahil masyado pa siyang bata. Ang usapan nila ni Jared, magpapakasal sila pagtuntong niya ng beinte cinco.

She had known him since forever, or at least, it felt that way. Ito ang unang boyfriend niya. They were meant for each other, she was sure of it. Kaya naman nang mamatay ito dahil sa matinding case ng pneumonia noong nakaraang taon ay hindi niya iyon agad natanggap. Pakiramdam niya ay tumigil ang kanyang mundo.

“Hindi dahilan ang pagkamatay niya para sirain mo nang ganito ang buhay mo. Move on please. I’m sure hindi niya gustong makita kang ganito.” Tiningnan siya nito pero katahimikan lang ang itinugon niya. “Cyane naman, nandito pa ako...”

Napabuntong hininga si Cyane. “Okay. Sige na, Ate.”

Napatunganga ang Ate Liezel niya. “Ha?”

“I said okay. Napag-isipan ko na din namang maigi na ipapagpatuloy ko na ang pag-aaral ko.”

“That’s good. I’m glad you’re slowly coming back

to your senses, Cyane. Everything's going to be fine.”
Niyakap siya nito nang mahigpit.

Ipinikit niya ang mga mata. She was surprised she didn't have to fight any tears.

Mukhang sawa na akong lumuha. Napangiti siya nang mapakla.

Tama ka, Jared. It's time to move on. Goodbye, love.

“Shucks! Ang ganda dito.” Namamanghang napatingin si Cyane sa kanyang paligid. Kasalukuyan siyang namamangka kasama ng tatlo pang turista sa El Nido.

Nag-init ang pisngi niya nang ma-realize na naibulalas niya ang saloobin. Hindi niya kakilala ang mga kasama. Hindi niya kasi napigilan ang sarili.

The view was simply breathtaking. Nabawasan kahit paano ang nararamdaman niyang inis. Kanina ay nadaanan niya ang isang manghuhula sa may gilid ng kalsada. Tinawag siya nito at sa pag-aakalang mayroon lamang itong itatanong ay nilapitan niya ang babae.

Nagulat siya nang abutin nito ang kanyang palad

at sinabing maganda ang kapalaran niya sa trabaho pero malas sa pag ibig. ‘Malas’ as in pwedeng past, present o future tense at hindi ‘minalas’. Pagkatapos ay siningil siya nito at binalak pang bentahan ng mga agimat kuno at mga pantaboy sa masasamang espiritu.

Inalis ni Cyane sa isip ang mga pangyayari at baka masira uli ang mood niya. Lalong lumapad ang kanyang ngiti habang pinagmamasdan ang mga nadadaan nila.

“Ay, Ineng, tama ka. Shukshukan nga ng ganda.” ani Manong Arsenio, ang hip na bangkero slash local tour guide ng El Nido. Nagtawanan ang ibang pasahero sa korning banat ni Manong.

“Namumuro ka na, Manong, ah. Last mo na ’yan,” sabi ng isang lalaking pasahero. Nagtawanan uli ang mga ito.

Itinuon na uli ni Cyane ang atensyon sa paligid.

Last year na niya sa kolehiyo at Journalism ang kinukuha niya. Nang mamatay si Jared ay unti-unti niyang napabayaang pag-aaral hanggang sa tuluyan na siyang hindi pumasok at napilitan siyang i-drop ng kanyang mga guro.

Nakapag-file naman siya ng Leave of Absence

sa paaralan at nakapasok siyang muli. She was not going to waste this opportunity to finish her studies.

Ipinasya niyang mag-conduct ng thesis niya sa Palawan. Her thesis statement was about the significance of promoting tourism in El Nido to the upliftment of the Filipino cultural heritage in Palawan.

Ang tiya niya ang sumagot sa ticket niya papunta sa nasabing lugar. Hindi ito ganoon kalapit sa kanilang mag-ate kaya nagulat siya nang puntahan siya nito sa bahay. Natuwa ito nang malamang nakabangon na siya sa depression at binigyan siya nito ng pagkakataong makapagbakasyon kasabay ng paggawa ng kanyang proyekto. Ayon sa kanyang tiya ay makabubuti raw sa kanya ang bagong tanawin.

Napili ni Cyane ang Palawan dahil simula nang makakita siya ng mga artikulo sa Internet ay namangha na siya sa lugar. Gusto talaga niyang makapunta rito. It was the perfect location for her study and the perfect vacation spot. Double plus points.

Her lips stretched in a smile. Itinaas niya ang hawak na waterproof camera at kumuha ng litrato. A shot for memories. At siyempre, para sa kanyang bagong simula.

That girl really is something. Napangiti si Royce nang maalala ang pagbulalas nito kanina.

Nang una niya itong makita sa dalampasigan ay alam niya ang kalungkutan sa mga mata nito. She looked at him then, halos ilang segundo lamang pero tumatak ito sa kanyang isipan. She had a pair of beautiful, haunting eyes. Parang may dinadala itong malaking pighati.

That was two days ago. Palagi siyang pumupunta sa dalampasigan sa pag-asang muli itong makita. There was just something about her that intrigued him. He couldn't forget her smile. Hindi man umabot sa mga mata nito ang ngiti. But she was still a sight. Hindi niya maintindihan, pero gusto niyang pawiin ang kalungkutan sa mga mata ng magandang estranghera.

Nang makita niya ito kanina na nakapila sa pampang ay hindi na siya nagdalawang-isip na sumama sa cave tour. At hindi siya nagsisisi dahil habang nasa bangka sila ay nagkaroon siya ng panahon para mas mapagmasdan ito nang malapitan. At sa unang pagkakataon ay nakita niya ang totoong ngiti nito. She was simply exquisite.

“Hoy, Royce, bakit ganyan ka makangiti? At saan ka nga pala galing kanina?” tanong ng kaibigang si Theo. Alam niyang hindi siya nito ibubuko pero hindi rin niya gustong madamay ito kung sakaling mahuli siya.

“Just out, I needed some fresh air. Iyon naman ang ipinunta ko dito di ba?”

Napabuntong-hininga lang ito. “Just be careful, man. And just so you know, I covered up for you earlier. Tumawag si Tita Marissa kanina and I told her you were sleeping kaya hindi mo sinasagot ang phone mo.”

For Pete’s sake, he was twenty-five years old, he didn’t need to be treated like five!

Napailing siya. “I know, I just took a walk. Nakaka-suffocate na kasi dito. I mean there’s nature outside, I might as well enjoy it.” He raised his eyebrows.

Alam niyang alam ng kaibigan niya ang tingin na iyon.

“Fine.”

“Just don’t tell my mom about my trips, okay? Hindi niya kailangan mag-alala at lalong hindi

ko kailangan ng bodyguard sa bawat lugar na pupuntahan ko.”

Napangiwi si Theo. Mukhang na-imagine nito ang itsura ni Royce na naglalakad-lakad habang may sumusunod na malaking bodyguard.

Binato siya nito ng throw pillow bago ito lumabas ng pinto. Nawala ang ngiti ni Royce nang tuluyang makaalis ito at mag-isa na lang siya sa kuwarto.

Lumapit sa bintana si Royce at tumanaw sa labas. Frameless ang salamin na mula kisame hanggang sahig kaya kitang-kita ang magandang tanawin. Pakiramdam niya ay nasa isa siyang magandang hawla. Moderno at kumpleto ang kagamitan sa loob pero gaano man kagara ang suite niya ay alam niyang mas nanaisin niyang lumabas at makita muli ang isang dalaga.

2

Napabuntong-hininga si Cyane at isinara ang kanyang laptop matapos makapagdagdag ng sampung pahina sa Review of Related Literature niya. Nag-unat siya at iginalala ang paningin sa tinutuluyang kuwarto.

She wanted to go out and enjoy herself. Sayang naman ang ipinunta niya kung nasa loob lang siya at palaging nakaharap sa laptop. She could do that anytime, kahit pa nasa Maynila na siya.

Kasalukuyan niyang pinag-iisipan kung saan siya pupunta nang tumunog ang cellphone niya. Napangiti siya nang makita ang pangalan ng kanyang Ate Liezel sa screen.

“Kumusta ka naman diyan, Cyane?” bati nito.

“Ayos naman, Ate. Mukhang mabilis akong matatapos sa research ko.” Inilipat niya ang cellphone sa kabilang tainga at nagsimulang pumili ng isusuot mula sa kanyang travelling bag.

“Good. Pero ’wag mo din kalimutang mag-relax, okay?”

“Oo naman. Actually, lalabas na nga ako ngayon.

Maglalakad sa may dalampasigan, maybe even take a swim.”

“Wow, sana nga next time ay kasama na ako dyan. Hopefully, pagka-graduate mo. O siya, tumawag lang ako para kumustahin ka. Papunta na akong school ni Jonjon, magtatampo na naman iyon kapag matagal naghintay sa gate.”

Natawa si Cyane. Nami-miss na niya ang makulit na pamangkin. “Sige, ingat ka, Ate. Kiss Jon for me, okay?”

Matapos magpaalam ay iniligpit niya ang kanyang gamit sa lamesa at pinalitan ang sweatshirt ng tank top at shorts. Suot ang kanyang flip-flops ay isinukbit niya ang shoulder bag at lumabas na.

“Fancy meeting you here.” Napatingala si Cyane at nasalubong ang tingin ng lalaking bumati. Nagsisi siyang hindi niya suot ang kanyang sunglasses.

Kanina pa niya nararamdaman na may nakatingin sa kanya. Ito ang napansin niya sa paligid nang pasimpleng luminga siya. Sa totoo lang, napukaw na nito ang atensyon niya kahapon habang binabaybay nila ang mga sikat na tourist destinations ng lugar.

Paanong hindi, eh, tawa ito nang tawa sa mga corny jokes ni Manong Arsenio.

Hindi niya ito masyadong binigyan ng pansin dahil wala siyang balak makipagkaibigan sa mga kapwa turista. Balak niyang ituon lang ang atensyon sa kanyang thesis, pero sa hindi maipaliwanag na dahilan ay madalas niyang makita ang lalaki. Isang beses pa at baka isipin na niyang sinasadya nito iyon.

Baka stalker ito? She instantly dismissed the idea. *Madalas mo siyang makita dahil kapwa kayo turista. Duh.*

Mataman na tiningnan niya ang lalaki. Hindi talaga ito mukhang stalker pero sino ang makapagsasabi? Halos naningkit ang mata nito sa pagkakangiti. That was how genuine his smile looked. Abot sa mata, 'ika nga.

Was he expecting her to reply?

“Natutunaw na ang ice cream mo, Miss.”

Napakunot ang noo ni Cyane. Naramdaman niya ang paglapat ng malamig na likidong pumatak sa kanyang kamay.

Malapad ang ngiti ng kaharap na para bang palaging naa-amuse sa nakapaligid dito. Iyon ang

unang napansin ni Cyane dito kahapon. At may pagkapalabiro ito. And when he smiled, cherub dimples appeared in his cheeks. Well, mukhang anghel man o hindi, she wasn't about to entertain him.

“Well, look here, Mister—”

“Here, I bought you another ice cream.” Bago pa man siya makapagsalita ay napalitan na nito ang hawak niyang tunaw na ice cream.

“Wait, hindi ko pa 'yan nakakain—” Manghang tiningnan niya ito nang ibigay nito ang tunaw niyang ice cream sa isang batang kanina pa nangungulit dito.

“Last mo na 'yan. Pangalawang ice cream na 'yang bigay ko, baka sipunin ka na, "Toy,"” sabi nito sa bata nang akmang lalapitan pa nito si Cyane.

“Biro lang, Kuya. Tenkyu po!” At kumaripas ito ng takbo.

“There's a shade here. Why don't you sit down, Miss? Mukhang nahihilo ka na. Kanina ka pa nakabilad sa araw.”

Saglit nitong hinawakan ang braso niya at parang may kuryenteng dumaloy kay Cyane. Isinisi niya iyon sa pagkagulat sa ginawa nito dahil hindi niya iyon

inaasahan. Hindi niya alam kung bakit, pero hinayaan niya itong alalayan siyang maupo sa isang malaking bato sa ilalim ng puno.

He was right, though. Kanina pa nga siya nakakaramdam ng pagkahilo, pero binalewala niya. She wasn't about to die of heatstroke, right?

“Kanina mo pa ako tinitingnan?” *Oh my gosh, stalker nga itong mamang 'to. To think I even found him attractive, especially those eyes of his...*

Napailing si Cyane sa tinatakbo ng kanyang isip. Surely, dala lang ito ng matinding init.

“Well, concerned lang ako, Miss. Baka ma-heat stroke ka. Baka kasi bigla ka na lang mahimatay. P'ano na lang kung nagkataong nasa tubig ka?”

“Look, I appreciate your concern—”

“Eat your ice cream, you'll feel better.”

He smiled then. She wanted to tell him, it wasn't *her* ice cream. But for some reason, she trusted him. Inubos niya ang ice cream na bigay nito.

Mmm, cookies and cream...

She sighed happily. She felt her cheeks become less warm. Parang biglang gumaan ang pakiramdam

niya. Naalala niya ang bagong movie na *Baywatch*. Parang ka-complexion ng lalaking kaharap niya si Zac Efron. Hindi ito ganoon kaputi, pero hindi rin matatawag na moreno. And he was well-built.

“Are you a lifeguard?” tanong niya pagkaubos sa ice cream.

He chuckled. “No, but I can do CPR.”

Pareho silang natahimik. Nag-iwas ng tingin ang lalaki, parang napahiya sa sinabi at nag-init ang mga pisngi ni Cyane. Sumulyap siya sa lalaki, pero may kunot na ngayon sa noo nito.

She looked at her watch. She really should get back to her draft. Ayaw niyang magsayang ng oras. She would thank him and go. To hell with sparks and chemistry. Wala siyang panahon para sa relasyon.

Tatayo na siya nang magsalita ang lalaki. “I’d like to get to know you better.”

Umiling siya at tumayo. “I don’t think so,” she smiled bitterly.

“Wait, please hear me out. There’s an event tomorrow. Malapit lang dito. Here.” He handed her a leaflet, it was a festival of some sort. May perya at mga booths. “Let me take you. Please.”

Saglit na napatigil sa paghinga si Cyane. He really looked like an angel. A tall, hunky and handsome angel.

What was wrong with her?

“I’m aware that we barely know each other—”
Itinaas ni Cyane ang kamay para pigilan ito sa pagsasalita.

“Okay,” maikli niyang sagot.

“Huh?” His eyes widened in surprise.

Cyane smiled. Pinigilan niya ang sarili sa pagtawa. This reminded her of a conversation she’d had. Ganitong-ganito rin ang reaksyon ng ate niya kailan lang. Naalala niya ang pangakong binitiwang niya sa kapatid, na susubukan niyang makalimot.

“I said I’ll go with you.” She felt a tug at her heart when he smiled again.

She may not be ready to fall in love again, but she was definitely going to have some fun.

“Thank you—”

“Sa isang kondisyon. No names and we don’t share any personal info between us. Agreed?” Nakita niyang nanigas ang ekspresyon nito.

Ilang segundo itong hindi nakapagsalita, pero muli itong ngumiti. “Okay.”

“Ha?” Medyo nadiskaril siya. Was this guy for real? O baka dapat na siyang matakot sa ipinapakita nito?

“Pag nakikita kasi kita nakakalimutan ko ang lahat, kahit pangalan ko.”

Gosh, sinabi ko bang mukha siyang anghel? He was devilishly handsome.

What have I got myself into? napapailing na tanong niya sa sarili. Ibinigay niya sa lalaki ang kanyang numero at naglakad na palayo. Paninindigan na niya ang mga sinabi dito.

It looked like her stay was going to be more interesting.

What was she thinking? Ni hindi niya kilala ang lalaking iyon, pero ngayon ay halos araw-araw na silang nagkikita. Days turned into weeks, at bago niya namalayan ay iilang araw na lang ang mayroon siya sa Palawan.

With him she could smile She had forgotten the pain in her heart. She felt happy, finally. Pero bakit parang may mali? She knew she was running away,

still avoiding being in a relationship. Alam niyang anuman ang gawin niya, sa huli ay may masasaktan.

“Sana lang hindi ako,” wala sa loob na nasambit niya. *At sana huwag rin siya.* Hindi man niya aminin, alam niyang napalapit na nang husto sa kanya ang binata.

But he agreed to my terms, right?

Walang attachment, just two people having fun. And he was definitely fun. She felt very much alive and in love.

Napaso si Cyane sa iniinom na kape nang mapagtanto iyon. Mapakla ang kanyang ngiti, pero wala iyong kinalaman sa timpla ng inumin.

No, hindi ito tama. She was just having fun, she was forgetting her pain, her past. She could prove that she could go on and she would survive.

“Sorry, bc can’t go. C u tom,” tipid niyang reply.

She wouldn’t see him now. Kailangan niyang pairalin ang isip niya at hindi ang puso. Iisipin na lang niyang dahil pumayag ito sa kondisyon niya, marahil wala rin itong seryosong intensyon. Siguro ay katulad lang niya ito, naghahanap ng distraction ngayong bakasyon. Nothing but a summer fling.

Parang sakto iyon sa nakikita niyang ugali ng binata. Napaka-happy-go-lucky nito.

Itinuon niya ang buong araw sa pagsusulat. Her thesis was coming along nicely.

“P’re, s’an ka ba talaga nagpupunta?” Nakakunot-noong tanong ni Theo sa kanya.

“Don’t worry about me.”

“Pero, pare, ang bilin ng doctor—”

“Theo, I know. Magpapahinga na ako. My mother doesn’t have to know, mag-aalala lang siya sa wala.”

“Okay, pero kapag may nangyari sa ’yo—”

“Walang mangyayari, okay? In fact pupunta na ’ko sa kuwarto ko. Buti pa mag-aral ka na lang. This is your last chance, pare, pinagsabihan ka na ng papa mo.”

Itinuon na nito ang pansin sa mga libro sa harap nito. “Kung wala lang talaga akong ginagawa, pwede kitang samahan. Pero parang ayaw mo rin naman.” Napailing na lang ito. Last year na nito sa kolehiyo pero dahil sa carefree attitude ay hindi ito makatapos-tapos.

Binigyan na ito ng ultimatum ng ama nito na kapag hindi pa naka-graduate ngayong taon ay bahala na ito sa buhay nito.

Halos pareho sila ng ugali ng kaibigan kaya nga magkasundo sila nito. Theo was like a brother to him. Halos lahat alam nito sa kanya, at nasasabi niya rito ang kahit ano. Well, maliban sa kanyang stranger girlfriend. Alam niyang hindi ito sasang-ayon pag nalaman nito ang tungkol sa kanyang escapades. Naglalakad sila sa pampang hand-in-hand. They were mostly sight-seeing, going to villages, doing some shopping.

It was all worth it. Bawat sandaling kasama niya ang dalaga ay napakasaya niya. He hadn't felt so alive in a while. His only regret was not knowing her name. Isa iyon sa mga kondisyon nito para patuloy na makipagkita sa kanya. At ang huwag itong gambalain sa mga araw na hindi sila puwedeng makita. Parang habang tumatagal nadaragdagan ang mga kondisyon nito. Pero ayos lang sa kanya.

What if she's already taken?

He had looked at her hand the first time they went to the fair. Walang singsing doon. Hindi rin ito nagsusuot ng mga alahas maliban sa shell bracelet na nabili niya sa souvenir shop. Siya mismo ang nagsuot

niyon dito.

He smiled, she really did make him happy. But he had to find a way para malaman ang mga bagay tungkol dito. He wanted to erase that sad look in her eyes. He observed her when she didn't think he was looking.

Gusto man niyang sundan ang dalaga sa tinutuluyan nito ay hindi niya ginawa dahil ayaw niyang ikagalit nito iyon. Hindi rin niya ito pwedeng ipagtanong dahil baka may makaalam ng tungkol sa paglabas-labas niya at tiyak na hindi na niya ito makikita kapag nangyari iyon.

He was scared to know her name, yes. Hindi iyon dahil sa ayaw niyang ma-attach dito. It was the opposite. Pero ayaw niyang lumayo ito at matakot pag nalaman nitong gusto niya ng commitment. He didn't want to scare her by letting her know that he'd give anything to take her out on a proper date and to be her real boyfriend. He wanted to know her name and everything about her, but he needed her full consent. Gusto niyang malaman ang lahat ng bagay na iyon pero sa panahong handa na rin itong magsabi sa kanya.

He checked his watch. He had an appointment tomorrow morning. Bukas ng gabi pa sila magkikita

ni...

Napakamot siya sa ulo.

He could always use an endearment, right? What about *love*? Napangiti siya.

Yes, tomorrow we will meet again, love.

She had such a lovely time last night. A candlelit dinner sa isang by-the-beach cottage. He was quite the romantic. And thoughtful, too.

Inilapag ni Cyane sa mesa ang pulang rosas na ibinigay ng lalaki kanina.

“Thank you ulit pero ’wag mo na akong bibigyan ng bulaklak, hindi ko naman makakain ’yan, malalanta lang.”

Natawa ito. “Then next time I’ll give you chocolate flowers, para lahat masaya. Okay ba?” He winked at her.

Kumain sila at nagkuwentuhan. But never about personal stuff.

Ngayon ay nakatingin si Cyane sa repleksyon niya sa salamin at iniayos ang kanyang buhok. Today she’d finally acknowledged her feelings for him. Para

bang nagkaroon siya ng moment of truth. Okay, matagal na siyang may idea sa nararamdaman para rito, pero iba na kapag nagpakatotoo ka na sa sarili.

Nahahawa na siya sa kakornihan ng lalaking iyon.

She was undeniably in love with him. And she was going to tell him her name. Tonight. Bahala na kung seryoso ito sa kanya o hindi. She was leaving in three days anyway. Rason na iyon para magpakatapat sa nararamdaman niya para rito. She was willing to give them a chance. Kung ano man itong mayroon sila.

Ngayon lang niya muling nakita ang ningning sa mga mata niya. Parang minsan pang napuno ng pag-asa ang buhay niya. Ito ba ang nagagawa ng pag-ibig?

Nakapagmove-on na nga siya. Handa na niyang harapin ang mundo. Cyane felt she could take on anything.

Huminga siya nang malalim at kinuha ang bag. Suot niya ang asul na summer dress, pearl earrings at ang shell bracelet na bigay ng lalaki sa kanya. Pagkatapos niyang isuot ang puting strap sandals ay lumabas na siya ng pinto papunta sa tagpuan nila.

“Theo, p’re, lalabas lang ako. I won’t be back until later. Pakigawa naman ng alibi para kay Mama.”

“Anong—? P’re, hindi ka pwedeng lumabas, baka kung ano na naman ang mangyari sa ’yo!” natatarantang sabi nito.

Pagkauwi ni Royce nang nagdaang gabi, bumagsak siya bago pa nakaabot sa sala. Mabuti na lang at naabutan iyon ni Theo. Walang nangyaring masama sa kanya.

“I mean, alam kong ngayon lang uli kita nakitang masaya, pero, Royce, apektado na ang kalusugan mo, eh.”

“Look, I promise I’ll be back before my check up.” *I’ll just tell her I love her.* “Ni hindi mahahalata na umalis ako.”

“Hindi mahahalata kasi lagi kitang pinagtatakpan.” Napabuntong-hininga ito. “Alam kong hindi rin kita mapipigilan, kaya please dalhin mo man lang itong phone mo. Palagi mo na lang iniwan, eh. Nasa speed dial ako, remember? Kahit para man lang sa peace of mind ko,” litanya ng kaibigan.

Kinuha ni Royce ang cellphone dito at ngumiti.

“Fine. I’ll be all right. I owe you, bro.”

“Tumatanda ako nang maaga sa ’yo. Pagkatapos kong mag-review, magpapakasaya talaga ako. I deserve some R&R. We should go bar hopping. Magiging ermitanyo na ’ko pag di pa ’ko lumabas, eh.”

Natawa si Royce. “Sige, alis na ’ko.”

Binuksan niya ang pinto sa balkon at bumaba sa fire-exit. Mapuno sa bandang iyon at siniguro niyang walang tao bago siya bumaba.

Isinara ni Theo ang pinto sa kuwarto ng kaibigan. “Manang Annette, nagpapahinga po si Royce. Hindi ho ’ata nakatulog kagabi. Pakibilin na lang po sa iba na ’wag siyang iistorbohin.” Napailing na lamang ang binata, umaasang tama ang ginagawang pagkunsinti sa kaibigan.

3

“Hoy, kanina pa ’ko.” Kumaway si Cyane nang makita ang lalaki. Nakasuot ito ngayon ng asul na polo at khaki pants. Natuwa siya nang mapansing may pagkakapareho sa shade ng suot nila.

“Hey to you, too, beautiful.” Nakangiti nitong iniabot sa kanya ang isang rosas.

Pagtingin ni Cyane ay nakita niyang hindi totoong bulaklak iyon. “Suhol ba ito dahil late ka?” kunwari’y galit niyang tanong.

“Go on, take a bite,” udyok nito.

“Mmm, chocolate nga. Sineryoso mo ’yung sinabi mo, ha. Salamat.”

“Let’s go?” Hawak ang kanyang kamay ay iginiya siya nito papunta sa isang asul na kotse. “Nirentahan ko lang ’to,” sabi nito nang makitang nakatingin si Cyane sa logo na nakadikit sa windshield. *PL* ang initials na nakalagay roon.

Nag-drive ito at narating nila ang isang tagong stone cottage. Maganda iyon at mukhang mahal ang renta.

“Let’s eat lunch first. Nagutom ka siguro kakahintay.”

“Kaninong cottage ito? Ang ganda, ah.”

“Sa isang kakilala,” matipid na sagot nito.

Oh, right. Wala nga palang tanungan ng personal details. Nangamba si Cyane. Kaya ba niyang ipagtapat ang nararamdaman para rito? Paano kung hindi pala ganoon ang damdamin nito sa kanya?

Naglabas ito ng wine at tumingin sa kanya. “I could use a drink. I hope okay lang sa ’yo.”

Hinigit-higit ni Cyane ang dulo ng ilang hibla ng buhok niya. Habit na niya iyon kapag kinakabahan siya.

Kumuha siya ng isa pang baso at ibinigay iyon dito. “You know, I could use one, too.”

Bago pa nila namalayan ay nakadalawang bote na sila. Hindi niya balak malasing, pero at least hindi na siya pinapanghinaan ng loob ngayon. Bahagya siyang napasimangot, mukhang sobra-sobra yatang lakas ng loob ang naipon niya. Baka kung ano pa ang masabi niya rito.

“Hey, babe, may pupuntahan pa tayo.” Ngumiti ang lalaki, at saglit na humawak sa mesa. “Sandali

hihintayin ko lang tumigil ang pag-ikot ng mundo.”

Natawa si Cyane. Mukhang naparami talaga ang ininom nila.

Napamura ito. “Sorry, hindi ako gan’un kalasing pero mukhang hindi ako pwedeng mag-drive. Mahirap na.”

Cyane giggled. Hindi naman nagpapatawa ang lalaki, pero hindi niya mapigilan ang sarili. Tiningnan niya ang mukha ng kaharap.

Tinulungan niya itong maupo nang maayos at pagkatapos ay ipinagtimpla ng instant coffee. Nagmadali niyang iniligpit ang kalat nila at hinila ito palabas.

“Hey, may alam akong shortcut. Lakarin na lang natin.”

Magkahawak-kamay silang nagtungo sa isang maliit na kalsada. Nagtatawanan sila at nagbiruan habang naglalakad. Hindi nila alam na pinagtitinginan na sila ng mga taong nadadaan.

Pagdating nila roon ay naalala ni Cyane ang unang “date” nila. Halos ganoon ang setup, may mga palaro, booths at rides. Napahagikhik siya. Hinila niya ang lalaki papasok sa isang booth.

“Game ka ba?” tanong ni Cyane dito.

“Sure,” sagot ng lalaki, nakatawa ang mga mata.

Isa iyong marriage booth, mukhang patok sa mga turista. Naghintay sila kahit medyo mahaba ang pila.

Nagpa-picture sila, si Cyane suot ang belo, at ang lalaki gamit ang coat na provide ng booth. Natatawa sila dahil ‘*Hon*’ at *Babe* ang mga pangalang ibinigay nila sa ‘marriage officer.’

Parang normal lang naman sa nagbabantay sa booth na marinig ang mga ganoong tawagan.

“Pakihintay na lang po ’yung picture, saglit lang ’to.”

Ibinabalik ni Royce ang coat nang makita niya ang malaking buldo ni Calvin, ang kanyang bodyguard.

“Shit!” mahinang usal ng binata. Naglabas siya ng pera at nagmadaling iniabot iyon sa booth manager. “Keep the change.”

Hinila na niya ang dalaga at kumaripas sila ng takbo palayo. Sa pagmamadali ay nakalimutan nitong hawak pa nito ang pumpon ng bulaklak na kasama sa props. Ihinagis nito iyon at nag-unahan ang mga

babaeng malapit sa kanila na masambot ang bouquet.

“Hoy, teka, bakit ka ba tumatakbo?”

MalayonasilanangbitawanniRoyceangkamaynito.

“Wala lang, parang may nakita kasi akong halimaw kanina.” At natawa siya sa sariling biro. “I want to show you something.” Hinila niya ito patungo sa isang kalapit na cottage.

“Lahat ba ng cottage dito pag-aari ng kakilala mo?”

Ngumiti lang siya. “Hindi naman lahat, pero marami-rami din.”

Kanina nakalubog na ang araw at madilim na ang paligid. Tumingin sila sa labas ng bintana at tinitigan ang mga bituin.

It was such a beautiful night. She shivered. Naalala ni Royce na iniwan ng dalaga ang jacket nito sa passenger seat.

“Here, nilalamig ka na ’ata.” Ipinatong niya sa balikat nito ang coverlet.

Nagpasalamat ang dalaga. Tumabi siya rito.

“Look, I—”

“Alam mo—”

Kapwa sila nagkatinginan. Tumawa si Royce, at tinugon iyon ng katabi ng isang hagikgik.

“Mauna ka na.”

“No, you go first.”

“Please go ahead.”

“Bakit hindi na lang tayo magsabay?” Tumaas ang kilay ng dalaga.

“I insist, ikaw na ang mauna,” sagot nito. “At ’wag mong ipipilit ang ladies first na kasabihan.”

Pumikit muna si Royce sandali bago ito tinitigan. “Life is too short, at ayokong gumawa ng bagay na pagsisisihan ko o mas tama yatang sabihin na gusto kong sundin ang nararamdaman ko para hanggang sa huli ay wala akong pagsisisihan.” Saglit siyang humugot ng hininga bago nagpatuloy. “So, I’m gonna tell you that I love you.”

Napasinghap si Cyane. This was not what she was expecting from him. Hindi nga ba’t siya ang magtatapat dito?

“K-kahit hindi mo alam ang pangalan ko?”

“Look, I love you even though I don’t know you.

Lalo na siguro kung makikilala pa kita. Does that make sense?” Hiniwakan nito ang kamay niya. “Hindi ko nga siguro alam ang pangalan mo, pero totoo ang nararamdaman ko. This is true, this is perfect. Nararamdaman mo din ba 'yon?”

“Yes,” mahinang usal niya.

This was more than perfect. Para itong panaginip na nagkatotoo. Kanina pa nawala ang kalasingan niya pero ngayong malapit ang mukha nito sa kanya ay tila lumulutang ang pakiramdam niya.

“Let’s start over, okay? My name’s Royce. And you are?”

Halos manginig ang tuhod ni Cyane sa paghaplos ni Royce sa kanyang mukha.

“I’m Cyane...” she said breathlessly.

Napakalapit nila sa isa’t isa. Hindi niya naaamoy ang alak na ininom nila kanina, pero nasasamyo niya ang cologne nito. She really loved that smell.

“Hmm, Cyane. Unusual, but beautiful. Bagay na bagay sa 'yo, love.”

Love? That sounds good, too.

“Akala ko puro ‘babe’ ang maririning ko sa 'yo.”

Napangiti siya kay Royce.

“I think *love* suits you better.” And then he kissed her once, twice.

It was very sweet. At halos matunaw ang puso ni Cyane sa kilig na nararamdaman. Nang maramdaman niya ang bahagyang paglayo ng binata, nagmulat siya ng mga mata. Hindi niya namalayan na napapikit pala siya.

“What’s wrong?” Hinaplos niya ang mukha ni Royce nang sumandal ito. Malalim ang paghinga ng binata at nang damhin niya ang noo at leeg nito ay pinagpapawisan ito ng malamig.

“N-nothing. ’Yung alak siguro. Don’t look so worried. Look, I’ll hold you to keep me warm. Mamaya okay na din ako.”

He embraced her then. Ihinilig ni Cyane ang ulo sa dibdib nito. She could hear his uneven breathing. Mayamaya pa, naging normal na rin ang paghinga nito.

Mukhang mali ang sinabi sa kanya ng manghuhula.

Paano siya magiging malas sa pag-ibig kung ang pakiramdam niya ngayon ay natagpuan na niya ang kanyang soulmate?

Yup, everything was perfect. Ipinikit niya ang mata at tuluyang nakatulog.

4

“Miss Valencia, I’m glad that you finally accepted my offer,” nakangiting pahayag ni Mattheo Daliva, ang bagong boss niya. Ito ang anak ng may-ari ng dating publishing company kung saan isang writer si Cyane. Nag-uumpisa nang pag-aralan ni Mattheo ang pag-handle sa local branch ng kompanya.

Tiningnan itong maigi ni Cyane. She didn’t like his smile. It reminded her of somebody and for some reason ay nairita siya.

Your father’s offer, she corrected silently.

“I thought it was simply time to come back here.”

“Ah, yes. There’s simply no place like home, tama ba?” nakangiting sabi nito.

Cyane shrugged. *Whatever*. “Certainly, Mr. Daliva.”

“Mattheo, please. Call me Mattheo. I sound like my father kung Mr. Daliva ang itatawag mo.”

“Sir—”

“O pwede ring Matt na lang. I insist.” He looked

at her with puppy eyes. Pero hindi natinag si Cyane.

“Mr. Daliva,” giit niya habang nakataas ang isang kilay. She didn’t care if she came across as rude. Kahit pa unang araw niya ito sa trabaho.

Nasira na ang araw niya pagpasok pa lang nito sa kanyang bagong opisina wearing that blasted smile.

She knew the young Daliva heir by reputation. He was a happy-go-luck guy and he dated girls left and right. She hated his type.

Pumayag lamang siyang malipat ng branch dahil sa pakiusap ng ama nito. Mr. Dante Daliva was her benefactor. Mula nang magtrabaho siya rito, puro kabaitan ang ipinakita ng amo. She considered the man her second father and mentor. Ayon sa nakatatandang Daliva ay siya ang napili nitong makatrabaho ni Mattheo, na bago lamang sa kompanya.

Open siya sa paminsan-minsang pagbabago, kaya tinanggap niya ang alok. It was not a drastic change, after all. She had a career in the States, but she was not really happy. Nakokonsyensya si Cyane dahil kasama niya roon ang Ate Liezel niya at ang pamilya nito. Her job paid well.

Pero pakiramdam niya ay mayroon pa ring

kulang.

Cyane figured this change would do her good, that she would get a new perspective and realize along the way what she was missing.

Ngayon, habang kaharap si Mattheo, dapat yata pinag-isipan niya munang maigi ang naging desisyon.

“Okay.” Mattheo raised his hands in resignation. “I’ll leave you to your work.” Ngumiti muli ito na parang balewala ang pagtanggap niyang makipag-first name basis dito.

“Phone call po, Miss Cyane.” Pagkarinig niya sa tinig ng assistant ay ibinaba niya ang tasa ng kape na hawak niya at inabot ang wireless phone.

“Thanks. At, Ellie, ilang ulit ko bang sasabihing Cyane na lang? You’re like family to me already.” Namula ang nakababatang babae, at tumango.

Sa Amerika pa lang ay magkasama na sila sa trabaho. Isa rin ito sa mga scholars ng matandang Daliva, at kasamang ipinadala sa Pilipinas para mag-assist din kay Mattheo sa kompanya.

The girl was a bit odd. Hindi na lang niya iyon

masyadong binibigyan ng pansin. Besides, Ellie was very efficient, so Cyane didn't really mind if the girl seemed to have little to no fashion sense. Hindi naman sila pumapasok sa office para mag-fashion show.

After taking the phone call ay agad niyang tinapos ang kanyang coffee break. She didn't like wasting time. Kahit noon pa, ganoon na siya.

Ngayong nakabalik na si Cyane sa Pilipinas ay pilit bumabalik sa alaala niya ang mga nangyari noon.

What happened four years ago was a mistake. O karma siguro. It was her fault for playing with fire. Oh, well. Lahat naman siguro ng tao may nagagawang kalokohan sa buhay nila.

Hindi niya makakalimutan ang araw na iyon. Tila sumpang bumabalik sa kanyang alaala ang mga pangayayari matapos ang gabing nagtapat siya sa taong pinaglaruan lamang ang damdamin niya. Nang magmulat siya ng mga mata mula sa pagkakatulog ay wala na ito sa kanyang tabi.

Naghintay siya sa kanilang tagpuan hanggang sa dumating ang araw na kailangan na niyang bumalik ng Maynila. She waited in vain. Hindi ito nagpakita roon.

She had never felt more stupid.

Bakit nga ba siya naniwala agad sa mga sinabi ng lalaking iyon?

Maybe because what I felt was real.

Pero isa lang pala iyong malaking biro para sa binata. She just had to accept the truth. Na hindi siya nito mahal. He was just having fun, nothing else.

She made it through her parents' deaths. She made it through Jared's. She would survive no matter what. At ipinapangako niyang hindi na siya masasaktan ulit. Marahil dapat niya pa nga itong pasalamatan.

She vowed never to let herself fall for any man again. Isinara na niya ang puso at iginugol ang panahon sa napiling career. Nakahanap ng trabaho ang kanyang ate sa Amerika at doon tumira ang pamilya nito.

Mas maganda na ang buhay nilang magkapatid ngayon. Marahil ay tama ang sinabi noon ng manghuhula na swerte siya sa trabaho. Maybe love was not really for her. Kung mamalasin din lang siya sa huli, di bale na lang.

“O, bakit madilim ang mukha mo, Cyane? Cheer

up, you're ruining your beautiful face."

She sighed. "Naligaw ka na naman ba ng office Mattheo?"

Sa halos dalawang buwan niyang pagtatrabaho sa *D'Journal* ay naging kaibigan na rin niya ang binata. Nasanay na siya sa environment na preferred nito sa trabaho. 'Simply lazy' ang tawag niya, which appeared to be a reflection of their boss' attitude. Pero hindi niya maitatanggi na effective iyon. Parang pamilya ang turingan ng staff at efficient ang mga tao. Wala siyang mairereklamo.

Heck, Mattheo even got her to call him by his first name despite her earlier reservations.

"Don't you have work to do?" tanong niya rito.

"Tambak nga ako ngayon. Pero dahil nandito ka na, hindi na ako masyadong nag-aalala. It used to be harder for us here." Nasa boses nito ang sinseridad.

Nangako ang papa ni Mattheo na kapag nagawa nitong mapatakbo ang *D'Journal Philippines, Inc.* at malampan ang standard annual sales ng kompanya ay ipapaubaya na nito ang travel agency na una nang pinamahalaan ng binata.

"It's easier with the agency. Saka bata pa lang

ako, mahilig na akong mag-travel. My mother would take me everywhere. She'd plan those trips with her best friend whose son is also my best friend..." naalala niyang sabi ni Mattheo.

Madaldal talaga ang lalaki. "Nanggugulo ka lang dito, isusumbong kita sa papa mo."

He rolled his eyes.

"I just stopped by to remind you about the party tomorrow. Pwede kang magdala ng date, although kung payag kang maging date ko—"

Magsasalita sana si Cyane pero itinaas ni Mattheo ang kamay at nagpatuloy. "May dadalhin na ako. That's not the reason why I'm here. The party tomorrow is in honor of my best friend's homecoming. Baka lang pwedeng i-tone down mo ang pagiging man-hater mo."

Tiningnan niya nang masama ang lalaki mula sa tina-type na artikulo. "I am not—"

"I mean, alam mo ba n'ung mga unang linggo mo dito, takot sa 'yo ang male staff. Honestly, me included. Kahit na nga ba ako ang boss mo." Sumatsat ito. "Lalo na kapag tumitingin ka ng ganyan."

"Hindi ako man-hater!"

“Well, if looks could kill I’m sure first day mo pa lang ay patay na ’ko...” Nakita nitong lalong tumalim ang tingin ng dalaga. “Wait, I’m not done yet! When I got over my fear, I got to know you better at nakita ko ang wonderful personality mo.”

“Ha-ha.”

“And niyaya kitang mag-date and you declined, not once not twice, but every single time. And don’t tell me it’s because I happen to be your boss. I’m your boss in name only. Si Papa pa rin ultimately ang employer mo. He thinks so highly of you, I’m pretty sure he’ll be ecstatic kung magkakatuluyan tayo. Then again that’s beside the point. I’m begging you, please be nice to my friend tomorrow and onwards. Hopefully, makumbinsi ko siyang magtrabaho rin dito. Baka mas mapadali ang pag-transfer ko sa travel agency kung may maiiwan dito kapalit ko.”

“Sure thing, Mr. Daliva.” She smiled sweetly. “Since you begged mo so nicely, I will be at my best behavior.” She typed the final words to the draft and closed her laptop with a flourish. She had been typing furiously habang nag-uusap sila ni Mattheo.

Inayos na niya ang gamit sa kanyang mesa at isinukbit ang shoulder bag. Dederecho siya sa mall para makapag-unwind at para makahanap na rin ng

isusuot para sa event.

“Ciao.” Sumunod sa kanya si Ellie dala ang mga gamit niya. Umirap pa ito paglampas kay Mattheo. Man-hater, my foot.

Sabado noon at nakasanayan na ni Cyane ang magpatanghali ng gising sa nasabing araw. Mamayang gabi pa idaraos ang event, pero nakita niyang may sampung missed calls sa kanyang cellphone. Galing lahat kay Mattheo. Binasa niya ang text message nito at nalaman na dumaan pala ang binata kanina. Isinilid na lang daw nito ang invitation sa ilalim ng pinto. Nakalimutan daw nitong iabot iyon kahapon dahil bigla siyang umalis.

She took note of the venue and attire. She already knew it was going to be a formal event.

Alas seis ng gabi ay bumaba siya ng taxi sa tapat ng *Pompeii Lounge Hotel*. May valet pa na nagbukas ng pinto ng sasakyan at inalalayan siya sa pagbaba.

Inilabas niya ang invitation at naglakad na papasok.

Galing umano ang kaibigan ni Mattheo sa iba't ibang bansa dahil sa trabaho nito bilang photographer.

He did wildlife and travel photography mostly. Kaya siguro kung saan-saan ito napapadpad. She heard about the photographer, although she'd never met him.

Taking pictures where never her forte and she relied on their art director for the pictures that went with her articles. Ganoon din kahit sa book cover ng mga libro niyang naisulat.

The main lobby was lavishly adorned. Dahil sa kuryosidad ay dumerecho muna siya sa gallery kahit nga ba ang bilin ni Mattheo ay agad niya itong hanapin pagdating niya.

This was more like a photo exhibit than a homecoming party.

Sinuri ni Cyane ang mga larawan. Karamihan ay nature ang theme, may portrait ng mga sikat na personalidad, at ang iba ay sceneries na may kasamang mga tao. They were all beautiful and enchanting. Para bang bawat litrato ay may kalakip na emosyon. Hindi niya alam, pero iyon ang unang pumasok sa isip niya. Weird. Siguro nga ganoon talaga ang art.

Napansin niyang sa gilid ng bawat larawan ay ang initials na RED. She was so absorbed in a

particular photo, Cyane didn't notice at once that she was no longer alone.

“Isn't it lovely?”

Napatingin si Cyane sa pinanggalingan ng tinig, sa kanan niya. It was a middle-aged woman, beautiful and regal-looking. Nakatingin ang babae sa larawan.

“It looks so peaceful,” dagdag pa nito.

Ngumiti si Cyane at tiningnan ang litrato. Kuha iyon ng sunset. Halos ulap at langit lang ang makikita pero napakaganda ng mga kulay na hatid ng palubog na araw.

“I don't know, it looks so sad to me.”

Halatang nagulat ang babae at tumingin ito sa kanya. Mukhang may gusto itong sabihin pero may tumawag dito, dahilan para mabaling doon ang atensyon nito.

Cyane started to walk away. Narinig niyang tinawag ang pangalan niya. Paglingon niya ay nakita niyang palapit si Ellie. The girl was wearing a cute blue dress. Binili nila iyon kahapon, along with her own attire. There was a matching rhinestone clip on Ellie's sleek black hair.

Cyane nodded with satisfaction nang makita

niyang sinunod ng kanyang assistant ang payo niyang huwag isuot ang salamin nito. Nalaman niyang walang grado iyon. The girl wouldn't tell her the reason behind wearing it, at hinayaan na lang niya ito. Everyone was entitled to their own quirks.

“Sir Mattheo's asking for you, Cyane. Ipapakilala ka daw niya sa kaibigan niya.”

They proceeded to the banquet hall. Naroon pala ang karamihan sa mga bisita. May mesa sa dulo na puno ng pagkain at ang malaking espasyo ay nakalaan para sa socialization.

They walked toward the center. Naroon si Mattheo. Outside, Cyane appeared calm. Sa loob, nakararamdam siya ng kaba. She had met many important people during the past few years at hindi niya alam kung saan galing ang nararamdaman niyang ito. Could it have something to do with meeting the actual artist whose works had captured her interest?

Nakita niya si Mattheo pero mag-isa lamang ito.

She smoothed her dress. She wore a knee-length cocktail dress in dark green. Simple ang cut pero na-enhance ang kanyang pigura. Hindi siya pabaya sa katawan kaya kahit minsan na lamang siyang

nakakapag-jogging ay toned pa rin ang mga binti niya. She went to the gym when she had time. At dahil hindi siya tabain ay napapanatili niya ang pigura.

“Wow, you look hot, Cyane,” bati ni Mattheo, “I mean, palagi naman but today it’s quite...” Itinaas nito ang kamay at sumenyas sa kanyang ulo. “Those are really sexy curls. You should have your hair permed.” And then he made an hourglass shape in front of him with his hands. “You should wear sexier clothes to work instead of those corporate suits and skirts.”

“Hoy! Nakakahalata na ako, ah. Hindi ko alam kung perv ka ba o miyembro ng federasyon.”

Nagkunwari itong nasaktan sa sinabi niya at sinapo pa ang dibdib. Pagkatapos ay ngumisi ito. “Would you like to know for sure?” He waggled his eyebrows.

Sa gilid ni Cyane ay nasamid si Ellie sa iniinom na fruit punch. Tiningnan nito nang matalim si Mattheo at nagpaalam kay Cyane na sasaglit sa restroom.

“Mana sa ’yo ’yung alaga mo. You trained her very well.”

“Excuse me?” Nakaarko ang kilay ni Cyane. Hindi niya alam kung insulto ba ang sinabi nito o

compliment. “Well, mana talaga siya sa akin dahil pareho kaming maganda.”

“Fine. Nga pala, where’s your date? Wala akong nakikitang possessive boyfriend sa tabi mo.” Luminga linga pa ito.

“Didn’t bring anyone.” Nagkibit na lang siya ng balikat. She wasn’t dating anyone, not lately anyway. Paminsan-minsan ay lumalabas siya pero dahil lamang sa pamimilit ng kanyang ate. She could only offer them friendship and they were aware of that.

“What about *your* date?” ganting tanong niya.

“You know Cristina Mendez?”

Cyane rolled her eyes. The sexy actress. Bakit nga ba hindi na siya nagulat?

“Unfortunately, she’s all over the new guy in town.” Saglit lang ang pagsimangot nito at napalitan ng isang ngisi. “Royce warned me last time not to let her alone with him, said she’s too touchy-feely. Why don’t we go rescue him? Ipapakilala na rin kita sa kanya. Don’t bite, okay?”

Nanlaki ang mga mata ni Cyane nang marinig ang pangalan, pero parang hindi iyon napansin ng kausap. Hindi na niya narinig pa ang ibang sinabi

ni Mattheo. Nagkataon lang siguro na kapareho ng pangalan ng—

Napailing siya. *Huwag kang paranoid, Cyane!*

“Okay ka lang ba, Cyane?”

“H-ha? Siyempre naman. B-bakit naman hindi?”
Pilit niyang pinanatag ang sarili.

“Theo, there you are, man.”

Galing sa likuran ni Cyane ang boses.

Malalim ang tinig at napakapamilyar sa pandinig ni Cyane. She felt like she knew that voice from somewhere. She took a step backwards. Pipihit na dapat siya paharap sa nagsalita nang madulas ang isang takong ng suot niyang heels.

Napapikit na lamang siya at hinintay ang pagbagsak. Hindi niya inaasahan ang mahigpit na paghawak sa kanyang baywang. Naramdaman din niya ang kamay na nakaalalay sa likod ng kanyang ulo. She cringed mentally.

Bakit ba siya napunta sa ganoong position?

It was like a scene from a sappy love story. Better open my eyes and meet my *hero*. She opened her eyes and regretted it. Immediately.

Inches away from her face was that of the man she couldn't forget.

Parang nakatigil ang oras habang nakatitig siya sa mga mata nito.

It was Royce all right. His eyes were the same pools of hazel that she once loved looking at.

“Royce.” Hindi niya namalayan ang pagsambit sa pangalan. Nakita niya ang pagkunot ng noo nito. Bumalik ang lahat kay Cyane.

It was like somebody turned on the play button and the unhappy memories came flooding back. She was supposed to hate this man. Paano niya nakalimutan ang bagay na iyon?

At hawak siya nito. Itinulak niya ito nang malakas.

“Bitiwan mo 'ko—!” Mukhang nagulat ito sa reaksyon niya dahil agad siya nitong binitiwan. At bumagsak si Cyane sa sahig.